Paano Maglaro

Roulette

Masiyahan sa paglaro.
Alamin kung paano maglaro bago magsimula.

Ang roulette wheel ay binubuo ng mga numero mula 1-36 na salit-salit na kulay pula at itim, at 0 at 00 na berde. Pinapaikot ng dealer ang Roulette wheel at pinapaikot nito ang bola sa kabilang direksyon. Upang manalo, dapat mong hulaan kung saan mananatili ang bola sa Roulette wheel.

Ang mga pusta ay maaaring ilagay sa mga indibidwal na numero o mga grupo ng numero. Upang magpusta, ilagay ang iyong chips sa may numerong table layout. Ang inside bets ay ginagawa gamit ang non-value chips na dapat mong bilhin mula sa dealer bago mo ilagay ang iyong pusta. Ang mga pusta ay maaaring gawin hanggang inanunsyo ng dealer na 'No more bets' (Wala ng mga pusta).

Oras na tumigil ang bola, mamarkahan ng dealer ang nanalong numero sa layout at babayaran nito ang lahat ng nanalong pusta.

INSIDE BETS:

- **A.** Isang Numero (Straight Up) ay magbabayad ng 35:1
- **B.** Dalawang Numero (Split) ay magbabayad ng 17:1
- **C.** Tatlong Numero (Street) ay magbabayad ng 11:1
- **D.** Apat na Numero (Corner) ay magbabayad ng 8:1
- **E.** Limang Numero (Limang Linya) ay magbabayad ng 6:1
- **F.** Anim na Numero (Anim na Linya) ay magbabayad ng 5:1



OUTSIDE BETS:

- **G.** Ang Dozen ay magbabayad ng 2:1
- **H.** Ang Column ay magbabayad ng 2:1
- **I.** Ang 1 hanggang 18 o 19 hanggang 36 ay magbabayad ng even
- **J.** Ang Odd o Even na Numero ay magbabayad ng even
- **K.** Ang Pula o Itim na Numero ay magbabayad ng even

TouchBet Roulette: Gamit ang isang touch screen terminal, maaari kang maglaro ng Roulette sa visual na may automated link sa isang tunay na live na Roulette. Ang mga camera ay naka-posisyon sa ibabaw ng Roulette table at ang live action ay ipinapakita sa isang screen.

Upang maglaro, magpasok ng bank notes sa terminal. Ang credits (chips) ay awtomatikong irerehistro sa terminal at ipapakita sa screen. Kapag lumabas ang berdeng Place Your Bets sa screen, pindutin ang screen kung saan mo gustong ilagay ang iyong chips – isang pindot = isang chip, dalawang pindot = dalawang chip, atbp. Ang halaga ng chips na pinusta ay ibabawas mula sa iyong credits. Pindutin ang 5x o 10x sa ibabâ ng terminal upang dagdagan ang halaga ng iyong chip.

Paiikutin ng dealer ang bola sa live table. Kapag naka-highlight ang No More Bets sa screen, hindi na maaaring magbago, magdagdag, o magtanggal ng chips para sa pag-ikot na iyon. Naka-lock na ang terminal.

Ang panalong numero ay naka-highlight nang asul sa terminal at ang lahat ng panalong pusta ay babayaran. Ang iyong panalo ay ipapakita sa Win Box bago idagdag sa iyong credits. Piliin kung gusto mong kunin ang iyong napanalunan (credits) o kung patuloy kang maglalaro. Upang kunin ang napanalunan, pindutin ang Cash button. May resibong lalabas na maaari mong ipalit ng cash sa cash desk.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Paano Maglaro ng table games, magtanong sa isang Dealer Supervisor, bumisita sa isang GameSense Info Centre sa lugar na ito, o magpunta sa www.bclc.com

Roulette [Filipino] 07/12